

Abstract

“Si Magu na Malansahon at si Sol, ang White Carabao” is one of those “small narratives” on/under martial law in the first district of Albay, specifically in Tabaco City. It offers a recollection of what the student-activists then were up to in BUTC (Bicol University – Tabaco City). Also, a quick look at ajax, the moniker for deep penetration agents or DPAs.

Keywords

Magu, fishiest, Sol, white carabao, ajax

English title

Magu the Fishiest and Sol, the White Carabao

SI MAGU NA “MALANSAHON” AT SI SOL, ANG *WHITE CARABAO*

NILES JORDAN BREIS

MAY NATITIRA PA nga bang mga NPA sa Albay? O kaya sa Lungsod ng Tabaco, halimbawa, lalo na’t pati naman sila ay tinamaan daw ng COVID-19? Bago ko sagutin ang tanong ay gusto ko lang balikan sina Magu at Sol.

(1)

Matinding pagkapikon lagi ang inaabot ng pinsan kong si Magu nang nag-aaral pa siya noon sa Fisheries. BUCF o Bicol University College of Fisheries ang buong pangalan noon ng isa sa mga kampus ng BU Main na nasa Lungsod ng Legazpi. Sa ngayon ang BUCF ay opisyal na

kilala bilang Bicol University Tabaco Campus o BUTC. “Malansahon! Malansahon!” ang madalas na sigaw ng mga bata sa amin kay Magu na likas na alaskador. Kahilig niyang magpaiyak ng mga paslit, lalo yaong matatakutin sa Bombay na naglalako ng mga kulambo tuwing hapon. Literal na malansa o “malansahon” ang ipinambubuska ng mga bata at alam nga nilang mapipikon ang pinsan ko kapag sinasabihan ng gano’n porke pumapasok daw sa Fisheries. May hayskul pa noon ang Fisheries at sa kolehiyo naman ay puro fisheries nga ang mga kurso, kahit yaong mga umaabot lamang ng dalawang taon. Dekada ’80 yaon at nasa elementarya ako at, oo, kahit ako mismo, kasama ang buong tropa, ay talagang mababa ang pagtingin sa Fisheries kaya kahit yanong lapit na ng nasabing eskuwelahan sa amin ay sa may kalayuang National High School pa rin ako pumasok. Nasa National kasi noon ang halos lahat ng mahuhusay na nagtapos ng Grade VI mula sa iba’t ibang elementarya ng buong unang distrito ng Albay. Hindi ako magiging fish technologist na malimit ay nagdadaing o nagbuburo lang naman gaya ni Magu kinalaunan. Magiging abogado ako o physicist, sa loob-loob ko. Kinaiinggitan noon pag nagkolehiyo ka sa mismong BU Main sa Legazpi. Ibig sabihin, iskolar ka kahit mahirap lang, at “sosyal” ka naman, may pera kahit paano, kahit pa nga mahina ang ulo mo, kapag ikaw naman ay nakapasok sa Aquinas University na ngayon ay kilala bilang UST Legazpi. Nagwawala noon si Magu nang malaman niyang sa Fisheries pa rin ang bagsak niya gayong siya raw ang panlaban ng klase nila sa math. Sa math lamang, wala nang iba. Sa unang taon sa kolehiyo ng Fisheries, lumala ang pagkabasagulero ni Magu at wala siyang bukambibig kundi nakakahiya raw ang BUCF, pugad daw talaga ng mga walang alam kundi mag-imbak ng iba’t ibang isda at pag-aralan nang husto ang anatomiya ng mga bantog at mamahaling isdang tulad ng malasugi at bangkulis at halos lingguhang dalaw sa Baybay, ang pinakadulong purok na tabing-dagat ng Barangay Bacolod na nasa bahaging likuran ng buong kampus. Galit na galit din lagi siya pagkagaling ng Baybay dahil ang lalansa raw talaga ng mga kausap nila at lalong inis na inis sa sarili kapag kapit na kapit daw ang lansa ng buong lugar sa balat kahit nakapaligo na siya. Hindi na siguro nakapagtataka na bago pa dumating sa amin si Sol ay sinundo namin noon si Magu sa presinto sa may munisipyo matapos niyang suntukin ang lider ng mga mangingisda sa Baybay na siya umanong dahilan kung bakit ang lansa-lansa ng damit niya kaya nakipagkalas daw si Mona sa kanya. Ang

eksaktong sabi raw ni Mona: “Puro ka na lang Baybay kaya pati an bado mo ... parong lapa na hasang.” Sino nga naman ang matutuwa sa damit na nangangamoy-bulok na hasang?

(2)

Patapos na noon sa ikalawang taon sa kolehiyo si Magu nang mapabalitang nawawala siya at pagdaka’y si Sol na rin daw ang nagbalita sa mga magulang. Umakyat na raw si Magu sa bundok. Naging rebolusyonaryong kadre ng NPA at nasa may parteng Pantao daw sa Libon, Albay. Umabot sa aming bahay ang balita pero sa totoo lang, hindi na ako nagulat. Mas nag-aalala pa ako noon kay Sol na naiwan sa Fisheries; halos araw-araw ay magkasama silang dalawa sa loob ng santaon na pagkilos-kultural sa mga komunidad sa buong Tabaco kahit may ipinatutupad pang curfew noon dahil nga sa martial law. Hindi ko lang maintindihan noon kung bakit ulit-ulit niya akong tinatanong kung kilala ko raw ba si Ajax? Kaibigan daw ni Magu si Ajax pero ang sabi ko nga, ulit-ulit din, na ang alam kong Ajax ay sabon. Hindi tao kundi sabon o baretang panlaba.

(3)

May maliit na inuman ang tindahan namin noon. Sari-Sari store lang ang sa amin pero para na siyang munting grocery at, oo, kumpleto sa paninda at halos lahat ay nirerepak namin. Pinakamabenta ang alak, San Miguel Pale lalo na, at mga sigarilyong Marlboro, Philip, Champion, at Hope. Marami ang kumumbinsi sa tiyahin ko na magpainom na rin kami dahil wala raw mapuwestuhan at hanggang sa di na lamang pulos linemen ng Albay Electric Coop ang pumupunta; dinadayo na rin kami ng mga estudyante ng Fisheries at may libreng kantahan pa, acoustic live dahil wala pang karaoke o videoke noon. Napanganga sa paghanga si Magu aniya nang una niyang marinig si Sol na kumanta habang naggigitara. Naroon ako nang gabingyaon dahil ako naman lagi ang tagapagsilbi sa mga kostumer at tanda ko pa nga ang unang-unang piyesa na nagpatahimik sa lahat: ang “500 Miles” na pinasikat ng grupong Peter, Paul and Mary noong 1967 pa raw sa Amerika bilang bahagi ng tinatawag na folk revival pero dekada ’80 nang marinig ko at panahon din yaon na nauso ang folk singers na puro Bob Dylan at mga Ingles na kanta kontra sa digmaan sa Vietnam, kahirapan, at kawalan ng hustisya ang pinatutugtog sa bahay. Si Sol ang dahilan para matuklasan ni Magu na siya pala mismo ay mahusay ring kumanta, lalo bilang second voice, kaya ibayong pag-eensayo ang

ginagawa nila at tiyak na papalakpak ka talaga nang napakalakas matapos mong mapakinggan ang duweto nila ng “Blowin in the Wind” at marami pang iba. Ayon sa kuwento ni Magu, lumipat si Sol sa Fisheries galing sa Lungsod ng Iriga sa CamSur at tanda ko, bigla na nga lang dumami noon ang mga estudyante sa Fisheries galing sa iba’t ibang bayan ng Rinconada dahil may napakalaking pondo raw ang BU sa mga kursong Fisheries pero kokonti naman ang mula sa Tabaco o iba pang bayan sa Albay kaya ipinamigay sa CamSur at libre na nga ang aral, meron pang libre ang tirahan at lahat ng gastusin. Ang inuman namin noon ay biglang naging tambayan ng napakaraming mga Rinconadahin; iba rin ang mga salita nila bagama’t Bikol pa rin at inaabangan at dinadayo noon ang naging taunang beauty pageant na Miss Coed ng BUCF na sa pagkakaalam ko ay mga taga-CamSur ang karamihan sa mga nanalo.

Si Sol na folk singer, gitarista, at mukhang Israeli ang isa sa mga pinakasikat noon sa mga Rinconadahin pero nakapagtataka rin na di siya personal na kilala ng lahat o wala talaga siyang sariling tropa sa loob mismo ng Fisheries. Sa labas, marami, partikular sa mga looban ng Barangay Tayhi. Naging sobrang malapit sila ni Magu na nag-iisang anak; magkapareho rin sila ng kurso at, higit sa lahat, pareho silang naging aktibista at naatasan daw na sa mga kultural na pagtatanghal sila tumutok. Ang pakilala pala noon ni Sol sa Fisheries ay pinsanin pa namin siya kaya nga ganoon na lamang ang pagkasanggang-dikit nila ni Magu. Mahal naming lahat si Sol pero mainit ang ulo ni Mona sa kanya. Noong tuluyan nang hiniwalayan siya ni Magu, sinabi raw ni Sol na dapat daw ay aktibista rin ang karelasyon ni Magu para sa ikatatagumpay ng rebolusyon at di katulad niyang walang inatupag kundi ipakulot ang buhok kada ikalawang linggo ng buwan. Takot din naman ang mga tiyahin namin na magsabi sa mga pulis o mga sundalo kahit nag-aalala ka na maging seryosong aktibista ang anak o kung sinong kamag-anak dahil sa mas malamang, sa halip na mailigtas mo ay baka ikaw pa mismo na magulang o kadugo ang maging tulay para dakpin sila o tuluyang paslangin. Halos kilala naman ng mga CAFGU na patago ring nagsisipag-inom sa amin kung sino ang mga radikal daw na estudyante at kahit papaano ay tinitimbrehan nila ang tiya na pagsabihan sina Magu at Sol. Na basta hindi umano nila mahuhuling lumalabag sa curfew at di makikita sa kung saang maliit o malaki mang rali o mobilisasyon ay ligtas naman daw ang dalawa. Ewan ko pero ilang beses na kayang nadakip sina Magu at Sol at lagi na umanong

nakukumbinsi ni Sol ang mga CAFGU na pakawalan sila. Maalam daw sa hipnotismo si Sol, ani Magu minsan, pero ayaw naman akong turuan ni Sol kahit na madalas akong nasa dormitoryo niya kapag Sabado at dibdiban din ang pag-eensayo nila ng mga itatanghal na kanta. Pipi ang karamihan sa amin pagdating sa mga NPA pero kung walang mga sundalo ay tuwang-tuwa naman, may mga natutuwa't napapalapak pa sa kapitbahayan kapag may ibinalitang may pinatay umanong isang abusadong pulis o ganid na negosyante ang mga NPA. Si Sol, walang duda, ang mabilis na nagmulat o nagpamulat kay Magu sa mga isyu at mga usapin na noong nasa kolehiyo na ako ay saka ko mas naunawaan. Karismatiko si Sol, 'yung tipo ng mga unang Kastilaloy na ahente ng San Miguel na pag kumausap ng may-ari ng tindahan ay mahusay magpa-oo, tulad ng sa Tiya Ebing na agad oorder ng ilang kahon ng serbesa kahit meron pa. At pag-alis nila ay biglang mawawala ang pungay ng mga mata ni Tiya Ebing at magtataka kung bakit daw pumayag siya. Di pa ginagamit ang budol-budol noon. Halos lahat ng nakakausap ni Sol ay napasusunod niya; mas malimit ay sinasang-ayunan siya, maging ng mga magulang ni Magu. Nasa kolehiyo na rin ako sa Maynila nang unang mapasabak sa mga gawaing pagmumulat ng masa at nahirapan ako sa una dahil may kakulangan ako sa sining ng pangungumbinsi na kabisadong-kabisado ni Sol. Nasaksihan ko noon sa Baybay kung paano siya pakinggan ng mga tao, kung paano siya yakapin ng mga mangingisda at sa kanya lamang ginagamit noon ang salitang "parumot" na ang ibig sabihin ay amoy-bulaklak na lansa ng tubig-dagat. Masuwerteng tao umano ang may "parumot" at para sa ilang matatandang parasantigwar, ang gayong tao ay isa umanong engkanto. Isang engkanto na nagkatawang-tao at may kakayahang baguhin ang sariling mukha, sinuman ang gusto niyang gayahin. At sino naman ang maniniwala noon na engkanto si Sol? Anghel pa nga ang tingin sa kanya sa Baybay at maging sa mga purok na malalapit sa pier sa may Cormidal. Samantala, dumami raw ang mga aktibista sa Fisheries pero palihim na gumagalaw at ang mga subersibong gawain ay tinatakpan lamang ng mga kultural na palabas tulad ng mga pamprotestang kantang Ingles at kabilang na ang ilang orihinal na awiting Bikol tulad ng "Banwaan na Namomotan" (Minamahala na Bayan). Wala rin akong nabalitaan na ang mismong administrasyon noon ng buong BUCF ay binalaan o "dinalaw" ng mga CAFGU dahil nga siguro sa katotohanang mas aktibo sa labas ng unibersidad ang mobilisasyon ng mga aktibista, nakikisangkot

sila sa mga magsasaka, mangingisda, unyonista, mga pangkulturang organisasyon, at iba pa. Ang pag-inom sa amin ng mga Rinconadahin ng Fisheries ay laging dahil mayroon umanong nagdiriwang ng kaarawan o anumang okasyon bagama't may mga pabulong na pagpupulong, halatang mga madalian lamang.

(4)

Smiling martial law o nakangiti raw ang martial law sa Bicol noon dahil malayo nga sa Kalakhang Maynila na magulo raw ayon sa mga kuwento ni Pay Amon na nakatigil noon sa Pasay. Pinasasabog daw agad ang bungo ng bawat pinaghihinalaang kriminal, sabi pa ni Pay Amon, kabilang ang mga pinagsususpetsahang rebelde na kumikilos sa may University Belt kung saan nakatira ang isa pang kapatid ni Tatay. Siguro nga'y smiling para sa ilan tulad ng Tiya Ebing ko dahil kahit martial law ay malakas ang tindahan at inuman namin basta ba bago mag-curfew ay wala na dapat kostumer at sarado na rin kami. O kaya'y smiling dahil kahit bago pa ang mismong araw ng Pasko ay dalawang linggong may palabas sa plaza, gabi-gabi ay may mga pakulo at may mga papremyo bagama't halatang nagkalat ang mga CAFGU na may mahahabang armas. Si Sol ang idineklarang panalo sa gabi ng palabas ng White Carabaos, isang aktibong lokal na sosyo-sibikong organisasyon at kapatiran sa amin noon. Isang amateur singing contest ang ikalawang bahagi ng palabas at tulad ng inaasahan sa mga nagdaang timpalakawitan ay mas malalakas pang pumalakpak sa mga kontesero ang mga nakapalibot na CAFGU. Si Magu naman ang humimok kay Sol na patulan ang kontes para may dagdag-pondo raw sa pagtuturo rin ng mga dula-tula sa kabataan sa mga piling barangay na malapit sa Sabloyon. Simula noon ay nakilala na rin sa buong palengke at ilang parte ng Sentro si Sol, akala mo'y artista dahil mukha ngang dayuhan lalo't balbasin at maputi pa at talagang pinagkakaguluan minsan ng mga serbidora sa hile-hilerang lomihan malapit sa Barangay Divino Rostro. Ang tawag sa kanya ng marami: "Ay hilinga ... si White Carabao!" (Ay tingnan n'yo ... si White Carabao!) Oo, White Carabao na lang, wala na ang letrang "s." Isa ang Tabaco noon sa halos baliw sa kabi-kabilang amateur singing contests, maliit man o malaki, at dumadayo pa ang iba sa malalaking labanan sa kantahan sa DZGB sa Legazpi gaya ng mga patok sa radyo na *Noontime-Matinee Show* at *Children's Festival Show*. Sa amin din galing ang mga kampeon na konteserong tulad ni Gina Taroy, na parang puputok

ang mga litid kung bumibirit pero sadyang mahusay kapag mga awiting Imelda Papin ang pinapasadhan, at ni Jovy Rapirap na mas kakaiba at kilalang-kilala dahil sa kanyang parang nanginginig na boses at kaawa-awang mukha kapag inaawit ang “I Who Have Nothing” at “Delilah” na parehong pinasikat ni Tom Jones.

Si Sol ang naging kampeon na totoong napaiba dahil hindi tungkol sa bigong pag-ibig ang kanyang kinanta kundi isang awit ng protesta noon, ang “Bayan Ko” na lumusot dahil di naman talaga itinatanong kung ano ang kakantahin bago pa sumalang. Tatawagin ka na lang, kaorasan, at sisimulan mo na. Pinayagan din si Sol na siya na ang gumitara at, sabi ko nga, masigabong palakpakan din ang pasimuno pa ng mga CAFGU na para bang limot nila na awit ng mga aktibista ang naturang piyesa. Mas dumami na ang sumisilip sa aming inuman kapag nalaman nilang nasa loob si Sol. Maririnig ang tulad ng “Dali, si White Carabao makanta na naman an.” (Bilis, si *White Carabao* ay kakanta na naman ’yan.) Mas malimit na magkukunwari ang mga sundalo na hindi nila pansin ang pagtitipon ng mga estudyante sa amin dahil alam nilang kapag gusto nilang uminom matapos ang pagpitada ng curfew ay tiyak na libre na naman ang kanilang serbesa’t pulutan at dahil sarado na rin kami, tahimik lang silang magpapakalasing, hiwalay sa mga kasama nilang lubhang masusunurin sa kanilang CO. Pabor din yaon sa akin sa maraming pagkakataon bilang bata na di gaanong natitigatig sa mga sundalo.

(5)

Kulang na lang na barilin ng Tiyo si Sol—alam kong merong nakatagong baril ang Tiyo—nang malaman namin na nawawala si Magu at umakyat na nga raw ng bundok. Parang ang hinihintay kong tanong ng Tiyo kay Sol ay “Ika? Nata yaon ka digdi? Bakong dapat kairiba ka nya?” (Ikaw? Ba’t nandito ka? Di ba dapat kasama ka n’ya?) Papasok ang 1982 nang mangyari yaon, may deklarasyon na wala na raw martial law, Enero 1981 pa, pero ang totoo, may curfew pa rin sa amin at di rin nagsilisan ang mga CAFGU—silang dumadagundong ang mga paa kung hatinggabi, pinapasok ang ilang bahay ng mga may anak na aktibista at binabantaang ipakukulong ang lahat ng matatandang pursigidong magprusisyon ng *Perdon* bago mag-alas-tres, madaling-araw. Pinagbawalan nang makipagkita si Sol sa amin pero patuloy pa rin ang pagpunta ng mga Rinconadahin sa amin dahil di naman silang lahat pabor sa aktibismo. Kapag nagpumilit pa raw si Sol na magpakita ay tiyak na isusuplong na raw ni Tiyo sa CO ng mga

CAFGU. Alam daw niya kung saan nakatago sa kuwarto ni Magu ang mga kopya ng subersibong *Liberation* at lahat daw yaon ay nasa kahon na pag-aari ni Sol.

(6)

Bago pa ideklarang tapos na ang martial law noong 1981 ay kalat na ang balitang maraming estudyante sa kolehiyo sa buong Albay ang umakyat ng bundok at malaking inspirasyon umano sa kanila ang husay at paninindigan ni Sotero Llamas ng Tabaco na nagsimula rin bilang lider-estudyante at pagkaraan nga ng ilang taon ay magiging bantog sa buong Pilipinas bilang Kumander Nognog. Ayon naman sa isa kong tiyuhin na ang tawag naming lahat ay Manoy J, meron daw dalawang matinding dahilan kung bakit dumarami ang NPA sa Albay noon. Una raw ay dahil sa usaping agraryo—maraming walang sariling lupa pagkat inagaw sa kanila kahit maliit na sinasaka at yaong mga namamasukan naman sa mga sakahan ay inaapi at pinagmamalupitan. Ikalawa, ang sistemang nauna raw ay nagbubunga ng kahirapan at mababaon nang tuluyan ang mga walang lupa—habambuhay na kapos sa mga batayang pangangailangan at ni di makapagpapaaral ng mga anak. Mas marami raw ang nasa mga bukid o malalayong barangay kumpara sa mga nasa Sentro na kahit papaano ay nakapaglalatatag ng mga paninda nila sa palengke o kaya'y papasok na janitor o estibidor at mga katulad na trabaho. Ang mga estudyanteng namundok daw ay mga namulat dahil mga nakapag-aral, dumaan sa mga kritikal na pag-aanalisa kaya kinalaunan ay nakisangkot pagkat alam nga nila ang totoong nangyayari sa bansa, ang lahat ng pang-aabuso ng diktadurang Marcos. Naitanong ko rin kay Sol kahit paano sa may palengke kung bakit nga di sila sabay na namundok ni Magu. Aniya, usapan daw nila na mauuna si Magu at susunod siya. Saka ipahahabol niya uli kung may kilala ba akong Ajax? Hindi ko talaga matandaan na may kaibigan si Magu na Ajax ang pangalan.

(7)

Marso 15, 1983, ang eksaktong araw nang dinukot daw si Sol malapit sa pinakabukana ng Fisheries at kitang-kita raw na mabilis siyang isinakay ng mga sundalo sa isang van. Agad na kumalat ang nangyari na “Si White Carabao, dinakop kan mga soldados” at hindi lang pala siya. Lahat pala ng kasamahan nila sa kultural na grupo ay pinagdadampot, nakahiwalay nga

lang si Sol. Halatang masaya noon ang Tiyo at marahil naisip niya na ang anak niyang si Magu ay mas ligtas pa kung ikukumpara kay Sol na ewan na lang daw kung bubuhayin pa nga ng mga CAFGU.

(8)

Sino ba si Jessica Sales at bakit ba siya pinagtatalunan minsan nina Magu at Sol? Ang alam ko ay isa lamang siya sa mga naglaho noon at hanggang ngayo'y nawawala o isang desaparecido.

Noong nasa kolehiyo na ako at nakatira na sa Paco, Maynila, ay saka nanumbalik ang aking interes kay Binibining Jessica Sales dahil sa kaibigan ko noon na taga-Purok Anakbayan na nag-aaral din sa CEU Manila. Si Sales ay produkto rin ng CEU Manila, nagtapos ng Social Sciences bilang cum laude noong 1972 pero nakapagturo sa UP Manila at kinalaunan, sa UPLB. Naiulat din noon na malapit na sana niyang idepensa ang tesis-masteral sa UP nang mawala siya noong Hulyo 31, 1977, kabilang umano ang mga kasamahan na sina Cristina Catalla, Gerardo Faustino, Rizalina Ilagan, Bong Sison, at Ramon Jasul. Siya ang kinikilalang nag-organisa ng Kapisanan ng mga Gurong Makabayan o KAGUMA at siya rin ang isa sa mga tagapagtatag ng Student Christian Movement o SCM sa UPLB. Wala umanong beripikasyon ang mga militar hinggil sa kanilang pagkakaaresto at bagama't may mga sinasabing sightings ay wala ring resulta at di na nga sila natagpuan. Si Sales pala na noon daw ay nag-iikot din para magturo sa malalayong barangay tungkol sa mga halamang-gamot ay minsan nang nakausap nina Magu at Sol sa Laguna.

Gusto pala noon ni Magu na lumipat ng BU sa Legazpi para mag-Education kahit di raw siya payagan ni Tiyo at pagkatapos, kikilos siya sa KAGUMA dahil nabawasan ang kapisanan nang mawala ngang parang bula si Binibining Sales. Kontra naman si Sol dahil mas kailangan daw si Magu sa grupong kultural.

(9)

Sa Albay, dalawang taon pa lamang ako nang ideklara ang ang martial law noong 1972 pero ang mga natatandaan ko ay simula lamang noong nasa edad apat at lima ako tulad ng pagpitada ng curfew tuwing alas-dose ng gabi ay sarado na ang inuman, pati ang buong tindahan at malimit kapag wala pang nagsisidatingang sundalo ay hihintayin ng mga tambay sa kapitbahayan ang mismong pagsirena nang malakas na galing pa sa

gitnang bubong ng munisipyo; nasa mahabang bangko sila sa tapat ng aming tindahan at pagpitada ay saka maingay na magpupulasan papasok sa sari-sariling bahay. Nariyan din ang minsang marahas na hulihan sa may palengke, sa isang tindahan ng komiks na araw-araw ko halos pinupuntahan para kunin ang mga biniling kopya na ipinaaarkila namin; malay ko ba na ang isang halos maharot magdamit na tindera noon ay isa palang kinatatakutan daw na amasona sa Mauban, Quezon. Nariyan din ang ang pag-usyoso ng mga tao noon sa may plaza para ipangalandakan ng mga militar sa publiko ang napatay nilang kadreng NPA na nakahiga sa paragos, wakwak ang dibdib, at yaon ang unang pagkakataon na nakakita ako ng “puso” ng isang bangkay kaya nagsuka ako nang nagsuka. Nariyan ang pagsama ng ilang taga-Batangas na CAFGU sa pagrorosaryo ng binabahay-bahay na Mahal na Birhen ng Fatima makapaglandian lamang sa ilang dalagita namin sa Barangay Cormidal. Nariyan din ang iyakan noon ng mga guro sa elementarya dahil ang isa sa kasamahan nila ay halos mabaliw sa pangungulila sa binatang anak na lider ng mga estudyante sa Legazpi at tulad ng marami, tuluyan nang nagsipaglaho. Kaugnay ng huli ay sa amin mismo, sa Tabaco, Albay, nagmula ang isang bantog na desaparecido. Siya si Hermon Lagman na isang abogadong tagapagtanggol noon ng mga karapatang pantao at kakampi ng mga manggagawa. Dinukot siya ng mga di-kilalang grupo noong Mayo 11, 1977, kasama ang lider-manggagawang si Victor Reyes at pinaniniwalaang ang pagkawala nila ay may kinalaman umano sa kanilang pagsuporta sa sampung unyon ng mga manggagawang hayagan ang pagkontra sa strike ban na idineklara ni Marcos sa panahon ng martial law. Si Hermon ay kapatid ni Edcel Lagman at ang kanyang ina na si Cecilia Castelar-Lagman ay yumao sa edad na 92 na hindi na niya uli nakita ang kanyang anak.

Hindi na rin namin nakita si Magu at kung totoo ngang nadestino siya sa Pantao sa Libon ay nagbakasakali rin kami sa wakas na makakuha ng kumpirmasyon kung naroon nga siya at pagkatapos ng may santaon na walang balita man lang tungkol sa kanya at makalipas din ang may anim na buwan na pagdukot kay Sol ay binulaga kami ng trahedya: patay sa engkuwentro sa Libon mismo si Magu kabilang ang labinlima pang kadreng NPA laban sa pangkat ng CAFGU na pinangungunahan daw ni Ramoncito Nagrampa alyas Solomon Nolasco, alyas Sol ... si White Carabao.

(10)

Ang Ajax ay isang uri ng bareta na sikat din noong dekada '80 sa Albay pero ayon sa may gawa nito na Colgate-Palmolive, ang naturang sabon-panlaba mismo ay 1964 pa inilabas. Sa katunayan, malawak kung baga ang brand line ng Ajax mula powdered cleanser hanggang dishwashing liquid at, oo, iisang kategorya lamang ang kinabibilangan: mga produktong panlinis. Nasa kolehiyo na ako bilang nagsisimulang aktibista nang muli kong marinig ang salitang Ajax, hindi bilang sabon-panlaba kundi bilang partikular na tawag pala sa mga pinaghihinalaang espiya sa loob mismo ng mga progresibong kilusan o mga organisasyon laban sa rehimeng Marcos. Kaya pala Ajax ay dahil ang sinumang espiya bilang DPA o deep penetration agent na, oo, nagkunwaring aktibista rin at nakipamuhay kabilang ng kanyang kolektibo ay siya ring magiging dahilan kung bakit nalusaw na parang dumi ang mga kasama niya. Si Ajax pala ang tagalinis o, basahin, “tagalipol” ng mga aktibista. Siya ang tagasuplong, ang red-tagger kung baga sa panahon ng administrasyong Duterte. Hindi man lang sumagi sa isip ko na isa palang Ajax si Sol. Hindi ko alam na kaya pala niyang ipagkanulo at traydorin si Magu na halos kapatid niya kung ituring at ganoon din si Magu sa kanya. O dahil nga ba sa trabaho lang ang pinairal ni Sol dahil nga isa siyang lehitimong sundalo? At ang buong pagbabad niya sa aktibismo, ang lahat ng pagpapanggap ay masasabing isang misyon lamang na iniutos sa kanya? Biglang inilipat daw sa Mindanao si Sol at, balita namin, nag-iba na rin ang kanyang pangalan.

Dalawang nilay, palagay ko, ang dapat na maidagdag dito. Una, ang martial law bilang masalimuot na kabanata sa Pilipinas ay mayroon ding mumunting salaysay na nakapaloob sa mas malalaking naratibong tampok—halimbawa, ang mga pagkilos sa rehimeng Marcos at ang bawat salaysay, hayagan man o hindi ang pagkondena kay Marcos, ay halos nakasentro sa mga taktika o mga pakana ng rehimen kung paano takutin o ipakulong ang maraming aktibista na lumalaban noon kay Marcos. Ikalawa, hindi mito kundi isang katotohanan ang tungkol sa pagpapakawala noon ng rehimen sa ilang ahente o Ajax sa hanay ng mga aktibista upang mabawasan ang kilusan at inaasahang ikapanlulumo ito ng ilang kasama. Pamamaraan yaon upang matukoy ang araw-araw na galaw noon at kabilang na ang mga pinaplanong mobilisasyon o simpleng teach-in. Sa Fisheries, tanda ko noon, ay marami ngang aktibistang tago, kung baga, at lumalabas lamang sila

kapag may lokal na solidarity events tulad ng mga pagsama noon ng ilang estudyante sa mabilisang piket ng mga manggagawa sa LCC o kaya'y paglaan ng oras sa mga inihahandang welga, sabihin pang simula pa 1975 ay may implementasyon na ng strike ban sa bansa. Inabot ko noon ang mga pagpupuri ni Tiya Ebing kay Pangulong Marcos bilang may potograpikong memorya umano at kailangang tularan ko raw ang pagsasalitang walang kodigo, talagang saulado ang talumpati. Tatal, balak ko naman daw mag-abogado at sa totoo lang, ang akademikong husay ni Marcos ang hinangaan ko noon at siya rin ang una kong modelo kung paano mangarap maging isang pambansang politiko. Hindi ko nga akalain na magiging katulad pala ako ng ibang aktibistang Rinconadahin sa Fisheries na ngayon nga ay BUTC na. Ang BUTC na matagal nang nakatatayong mag-isa bilang kampus na humubog ng maraming propesyonal at iskolar mula sa iba't ibang kurso o disiplina. Nobyembre 1, 2021, nang tumawag sa akin ang kaibigan kong si Bing, nag-uusisa kung uuwi ba ako sa Bicol dahil nga Undas. Sabi ko ay may COVID pa rin kaya nga di man magkakaari pa. Matagal na raw siyang di natuntong ng Tabaco, kahulihan daw ay 1985, at kasunod ang tanong kung mayroon pa raw bang natitirang NPA sa amin sa Albay, lalo sa Tabaco, dahil tinamaan din daw naman ang mga iyon ng COVID. Bakit 'ka ko interesado siya? "May balak ka bang umahon sa bundok at bakunahan sila?" ang usisa ko kay Bing na kasalukuyang doktor sa isang malaking pribadong ospital sa Lungsod ng Pasig. Siya ay bahagi noon ng UF o United Force mula sa mga alyansa ng aktibistang kumikilos sa U-Belt. Napatawa nang malakas si Bing at aniya, "Matibay pa rin talaga ang NPA? Sabi nga natin noon ... Tibayan ang hanay! Gapiin ang Kaaway!" at ang sagot ko naman na halos pakanta ay "Hindi matalo-talo. Hindi matalo-talo."